

MEMORANDUM CIRCULARNo. 05
Series of 2018**SUBJECT: Patakaran sa Proyektong Pabahay sa NVRC Compound para sa mga Taong May Kapansanan****I. PANIMULA**

Noong ika-25 ng Enero, 2013 nagkaroon ng Memorandum of Understanding (MOU) ang Pamahalaang Lokal ng Quezon City at Kagawaran ng Panlipunan Pagpapaunlad/Department of Social Welfare and Development (DSWD) sa pagsasaayos at pagpapaunlad ng Barangay Escopa III, Project 4, Quezon City.

Isa sa mga kasunduan sa nilagdaang dokumento na nasabi sa taas ay ang pagsasaayos ng lugar sa likod ng National Vocational Rehabilitation Center (NVRC) at pagpapagawa ng walumpong (80) proyektong pabahay para sa mga Taong may Kapansanan na nakatira sa loob ng nasasakop ng NVRC. Ito ay isasagawa ng Pamahalaang Lokal ng Quezon City.

Upang magkaroon ng malinaw na polisiya at patakaran sa proseso ng pagtukoy ng mga karapat dapat na benepisyaryo at pamamahala ng proyektong pabahay; binuo ang Polisiya at Patakaran sa Proyektong Pabahay Para sa mga Taong May Kapansanan sa NVRC Compound na nilagdaan ng Beneficiary Selection Committee noong taong 2015 sa pamamagitan ng DSWD Regional Memorandum Circular No. 02, series of 2015: "Polisiya at Patakaran sa Proyektong Pabahay para sa mga Taong may Kapansanan sa NVRC Compound".

Mula noong 2015 hanggang 2017, ang Beneficiary Selection Committee ay nakapatasa ng 82 kwalipikadong Persons with Disability (PWDs)/pamilya para sa pabahay sa NVRC Compound.

Noong ika-7 ng Abril, 2017 pumirma ng bagong Memorandum of Understanding (MOU) ang Pamahalaang Lokal ng Quezon City, Gawad Kalinga-Quezon City at Kagawarang Panlipunan Kagalingang Pagpapaunlad/Department of Social Welfare and Development (DSWD) para sa implementasyon ng nabanggit na Proyektong Pabahay.

Sa bagong MOU, ang bilang ng pabahay (housing units) ay itinaas sa 130, mula sa orihinal na walumpo (80). Nasasaad din sa MOU ang mga gagampanan ng tatlong sektor, kabilang na ang pagkahirang sa DSWD bilang Chairman ng Beneficiary Selection Committee.

Bilang Chairman ng nasabing komite, ang DSWD ay naatasang manguna sa pagtukoy ng mga kwalipikadong benepisyaryo ng pabahay, gayundin sa pagbabalangkas ng mga mekanismo at/o instrumento na siyang magiging batayan sa pamamahagi nito.

II. LAYUNIN

- a. Tukuyin ang mga ahensyang mamamahala sa pagpili ng mga benepisyaryo ng proyekto at ang kanilang mga tungkulin;
- b. Tukuyin ang mga pamantayan sa pagpili ng mga benepisyaryo sa proyekto;
- c. Tukuyin ang prayoridad sa mga potensyal na benepisyaryo sa proyekto;

- d. Isa-isahin ang mga dokumentong kailangan isumite ng mga potensyal na benepisyaryo para sa pagsusuri ng Komite;
- e. Ilatag ang mga proseso sa pagpili ng mga kwalipikadong benepisyaryo sa proyekto; at
- f. Tukuyin ang mga batayan sa pagtanggap ng karapatan o diskwalipikasyon sa proyektong pabahay.

III. BENEFICIARY SELECTION COMMITTEE

Ang mga ahensyang kasama sa pagpapatupad ng proyektong pabahay para sa mga taong may kapansanan ay kinakailangang magbuo ng isang Beneficiary Selection Committee, na binubuo ng mga itinalagang kinatawan (designated representatives):

Chairperson	Department of Social Welfare and Development – Central Office
Vice Chairperson	Local Government Unit of Quezon City – Housing Community Development and Resettlement Department (HCDRD)
Members	Organisasyon ng may Kapansanan sa NVRC
	Gawad Kalinga, Quezon City
	Social Service Development Division (SSDD)
	DSWD – National Capital Region
	Barangay Captain of Escopa, Quezon City
	Office of Congressman Banal
	Persons with Disability Affairs Office (PDAO)
Secretariat	Department of Social Welfare and Development – Central Office

Ang mga tungkulin na Gagampanan ng Beneficiary Selection Committee ay ang mga sumusunod:

- a. Bumuo ng mga patakaran para sa pagpili ng karapat-dapat na benepisyaryo sa pabahay batay sa polisiya;
- b. Mamili ng mga mga kwalipikadong benepisyaryo ng programa;
- c. Mamagitan at magsaayos ukol sa karapatan sa bahay ng mga benepisyaryo ng programa; at
- d. Magrekomenda sa Kalihim ng DSWD ng mga kwalipikadong benepisyaryo.

Ang Beneficiary Selection Committee ay maaring mag-anyaya ng iba pang kawani mula sa DSWD at/o iba pang ahensya upang makapagbigay linaw sa mga ibat-ibang isyu na tinatalakay ng Komite.

IV. MGA PATAKARAN SA PAGPAPATUPAD NG PROGRAMA

- a) Ang mga kwalipikadong benepisyaryo sa programa ay mga may kapansanan o mga pamilya na mayroong miyembro na may kapansanan;
- b) Ang ginawang opisyal na pagtatala/census ng DSWD noong 2003, 2012, 2013, National Housing Targeting System and Poverty Reduction (NHTS-PR) noong 2009- 2011, Housing Community Development and Resettlement Department (HCDRD) noong 2012 at Pagtatala ng National Housing Authority (NHA) ng mga nabigyan na ng pabahay hanggang 2015 ang siyang pangunahing batayan sa pagtukoy ng mga potensyal na benepisyaryo ng programa;

- c) Ang lahat ng “Absentee House Owner” ay awtomatikong diskwalipikado;
- d) Ang mga PWD na “Multiple Structure Owner” o nagmamay ari ng higit pa sa isang istraktura ay bibigyan lamang ng isang alokasyon na pabahay;
- e) Lahat ng magiging benepisyaryo ay magpapamiyembro sa “Gawad Kalinga PWD Village” upang mapangalagaan at mapamahalaan ang buong pamayanan;
- f) Ang desisyon ng Komite ay “final and executory;”
- g) Ang paghingi ng pagsa-alang alang o “request for consideration” ay tatanggapin sa loob ng tatlung (30) araw mula sa petsa ng pagkatanggap ng desisyon.

V. MGA KWALIPIKASYON NG POTENSIAL NA BENEPISYARYO

- a. Mga mamamayang Filipino
- b. May kapansanan o mga pamilya na mayroong miyembro na may kapansanan
- c. Aktuwal na naninirahan ayon sa prayoridad (Item number VI) na nasa ilalim ng proyektong noon o bago pa sumapit ang 2012 at 2013 at nagpatuloy sa paninirahan hanggang sa taong 2014.
- d. Yaong nakasama sa talaan/census ng DSWD at pagtatatak (tagging) na ginawa ng HCDRD
- e. Hindi pa naging benepisyaryo ng anumang proyektong pabahay ng gobyerno o ng iba pang pribadong organisasyon
- f. Walang tala ng pagbebenta ng naunang pabahay na nagmula sa pamahalaan o masasabing propesyonal iskwater

VI. PRAYORITISASYON SA PAGPILI NG BENEPISYARYO AT PAGKAKALOOB NG PABAHAY

Ang mga sumusunod ang mga batayan ng pag-alam sa usaping prayoritisasyon ng kwalipikadong benepisyaryo:

- a. Unang prayoridad

Mga kwalipikadong naitala mula sa original na pamilyang mayroong miyembrong (i.e. ina, ama, asawa [legal] o anak solo [parent]) may kapansanan na unang nanirahan sa lugar at patuloy na naninirahan hanggang sa taong 2017.

- b. Ikalawang Prayoridad

Mga kwalipikadong naitala na may kapansanan o pamilya na mayroong miyembrong (i.e. ina, ama, asawa [legal] o anak [solo parent]) na may kapansanan na naninirahan sa labas ng NVRC particular sa Quezon City (Escopa I, II, at IV)

- c. Pangatlong Prayoridad

Kwalipikadong nasenso na PWD o pamilyang mayroong miyembrong ina, ama, asawa o anak na PWD na umuupa sa bahay bilang kapisan/ekstensyon ng pamilya o tagapamahala ng inuukopang bahay.

- d. Karagdagang Bilang sa Kwalipikadong Benepisyaryo

M *1*

Habang pinoproseso ang pag-okupa sa pabahay at namatay ang benepisyaryo at wala naman anak, ama, ina na may kapansanan, ang naiwang pamilya ay maari pang manirahan sa nasabing pabahay na hangang pitong (7) taon bago ito mailipat o maibigay sa ibang kwalipikadong benepisyaryo. Ang pamilya, ama, ina, anak ng namatay na benepisyaryo ay maaring humingi ng tulong sa iba pang mga programa sa DSWD tulad ng social pension, medical assistance sa Crisis intervention Unit (CIU), Balik Probinsya at iba pa. Tutulungan na makamtan ang iba pang mga programang pabahay tulad ng NHA.

VII. MGA KINAKAILANGANG DOKUMENTO SA PAGPILI NG KWALIPIKADONG BENEPISYARYO:

- a. Baranggay Certificate of Residency;
- b. PWD ID na ipinagkaloob ng PDAO, Quezon City;
- c. Pinakabagong (latest) sertipikasyon mula sa NHA na nagsasaad na hindi pa nakinabang ng anumang proyektong pabahay mula sa pamahalaan o pribadong organisasyon;
- d. Marriage Contract / Affidavit of Cohabitation sa mga may asawa o Birth Certificate/ Affidavit of Two Disinterested Person para sa mga walang Birth Certificate;
- e. Sertipikasyon mula sa SSDD ukol sa interes ng pamilya na magkaroon ng pabahay at makinabang sa proyektong pabahay ng pamahalaan (i.e. Social Case Study Report).

VIII. PROSESO NG PAGPILI NG KWALIPIKADONG BENEPISYARYO NG PROYEKTO

- a. Pagsusuri ng pangalan ng mga maaring kwalipikadong benepisyaryo ng proyekto ayon sa listahan ng DSWD, National Household Targeting System for Poverty Reduction (NHTSPR), HCDRD, NHA at Pamayanang Maralita na may Kapansanan (PMK)
- b. Pagsumite ng mga kinakailangang dokumento ng mga potensyal na mga benepisyaryo sa proyekto.
- c. Pagsusuri ng SSDD sa kalagayan at interes ng mga potensyal na mga benepisyaryo ng proyekto na magkaroon ng pabahay at maging benepisyaryo ng proyektong pabahay ng pamahalaan.
- d. Pagpili at pagre-rekomenda ng pinal na listahan ng mga benepisyaryo sa proyekto.
- e. Pagbibigay alam at pagpaskil ng pinal na listahan ng benepisyaryo ng proyekto.
- f. Ang mga napiling benepisyaryo sa programa ay bibigyan o pagkalooban ng Program Award mula sa local na Pamahalaan ng Lungsod ng Quezon, GAWAD Kalinga at DSWD bilang mga ahensya na nagsasagawa ng proyekto.
- g. Ang mga napiling benepisyaryo ay maaring manatili at manuluyan sa loob ng dalawampu't limang (25) taon at magpanibago ng dalawampu't limang (25) taon. Ang nasabing taon ng panunuluyan ay ayon sa itatagal o "life span" ng itatayong proyektong pabahay.
- h. Magkakaroon ng "usufruct agreement" sa pagitan ng DSWD, sa pamamagitan ng Kalihim nito at benepisyaryong may kapansanan o ng tagapagtaguyod ng Pamilya

(Head of The Family) kung ang taong may kapansanan ay wala pa sa wastong gulang.

- i. Kung ang PWD na napagkalooban ng Program Award at "usufruct agreement" bilang benepisyaryo ng programang pabahay ay sumakabilang buhay na bibigyan na lamang ng pitong (7) taon ang kaniyang pamilya upang humanap ng malilipatang bahay.
- j. Bago sumapit ang huling taon ng panunuluyan ng naiwang pamilya ng nakinabang sa nasabing proyektong pabahay, ang "selection committee" ay muling magsasagawa ng pagsusuri ng mga istraktura ng pabahay kung ito ay maari pang panuluyan o tirahan, at muling magre-rekomenda sa Kalihim ng DSWD ng bagong benepisyaryo ng pabahay.

IX. PAGTANGGAL NG KARAPATAN O DISKWALIPIKASYON

Ang mga sumusunod and magiging batayan sa pagtatanggal ng karapatan o diskwalipikasyon bilang benepisyaryo sa programa na nararapat umayon sa kaukulang legal na aksyon ng Beneficiary Selection Committee:

- a. Nakatanggap na ng award at pabahay, sa proyekto ng gobyerno;
- b. Gumagamit o gumamit ng pangalan ng ibang tao upang makakuha ng karapatan sa pabahay. Ang kanilang principal ay aalisan din ng karapatan;
- c. Ang mga potensyal na benepisyaryo napatunayang lumabag sa mga patakaran at pang patnubay ng Beneficiary Selection Committee;
- d. Ang mga potensyal na benepisyaryo na napatunayang "absentee house owner;"
- e. Ang mga PWD na may katayuang "*Multiple Structure Owner*" o iyong nagmamamay-ari ng higit pa sa isang istraktura o bahay;
- f. Sambahayan o benepisyaryo na hindi susunod sa patakaran katulad ng:
 - Pagpapa-upa;
 - Pagsanla;
 - Pagbenta;
 - Paglipat ng mga karapatan;
 - Pagkaloob ng karapatan sa sinuman;
 - Pagtatayo ng dagdag na istraktura (extension); at
 - Sa anumang paraan, paglilipat ng kanyang istraktura/bahay o bahagi nito.
- g. Ang pagbili ng istraktura/bahay o bahagi nito ay magdudulot ng pagkawala ng karapatan ng ibang benepisyaryo ng programa;
- h. Napatunayang propesyonal na iskwater o kasapi ng sindikatong iskwater;
- i. Tahasang pagsagabal sa mga loteng pampubliko at iba pang plano sa pagpapaunlad ng programang pabahay.
- j. Paglabag sa mga alituntunin at patakaran na itinatakda ng Beneficiary Selection Committee

Ang sumusunod ang proseso sa pagtatanggal ng karapatan ng mga napiling benepisyaryo ng programang pabahay.

- a. Kung napag-alamang nagtataglay ang benepisyaryo ng isa sa mga batayan na nasa itaas, bibigyan ng notice ng Beneficiary Selection Committee ang benepisyaryo at ang pamilya niya upang ipagbigay-alam ang maaring pagtatanggal ng karapatan niya na maging benepisyaryo ng programa.
- b. Bukod dito, bibigyan ng Beneficiary Selection Committee ng pagkakataon ang benepisyaryo na magbigay ng paliwanag sa loob ng labing-limang (15) araw mula sa pagkatanggap niya ng Notice.
- c. Kung katanggap-tanggap ang paliwanag ng benepisyaryo, maaring manatili sa programang pabahay ang benepisyaryo at ang pamilya niya. Kung hindi naging kumbinsido ang Beneficiary Selection Committee sa paliwanag ng benepisyaryo, bibigyan ng Selection Committee ang benepisyaryo at ang pamilya niya ng isa pang Notice upang lisanin ang programang pabahay sa loob ng tatlong (30) araw.
- d. Kung matapos ang tatlong (30) araw at hindi pa rin nilisan ng benepisyaryo at ng pamilya nya ang programang pabahay, maaring idaan ng Selection Committee ang pagpapaalis sa legal na pamamaraan.

X. PAGBAKLAS NG ISTRUKTURA

Ang lahat ng mga nakatira sa lugar na isasaayos para sa proyektong pabahay ay kusang loob ng magbabaklas ng kanilang istruktura at aalis sa lugar upang maisaayos ang lugar na pagtatayuan ng proyektong pabahay.

XI. PAGKABISA

Itong kodigo ng mga Patakaran at Pangpatnubay ay magkakabisa sa ika 15 ng Marso 2018.



EMMANUEL A. LEYCO
Officer-in-Charge

✓ M

Certify True Copy:

M3.16.1K

MYRNA H. REYES
Q/C-Division Chief
Records and Archives Mat. Division